# May nagsabing isang lalaki: O Sugo ni Allah, ang lalaki sa amin ay nakikipagtagpo sa kapatid niya o kaibigan niya, yuyuko ba siya roon

Ayon kay Anas-malugod si Allah sa kanya- ay nagsabi:Sinabi ng isang lalaki sa amin: O Sugo ni Allah, ang lalaki sa amin ay nakikipagtagpo sa kapatid niya o kaibigan niya, yuyuko ba siya roon?Sinabi niya:((Hindi)) Nagsabi siya:Yayakapin ba niya at hahalikan niya? Sinabi niya:((Hindi)) Nagsabi siya:Kunin niya ang kamay niya at kakamayan niya?,Sinabi niya:((Oo)),

[Maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Tinanong ang propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-patungkol sa Pagyuko kapag nakatagpo ng tao ang kapatid niya,Sinabi niya:Hindi siya yuyuko roon,Nagsabi ang nagtanong:Yayakapin ba niya at hahalikan niya at hindi na siya yuyuko roon?Sinabi niya:Hindi,Nagsabi ang nagtanong: Kakamayan ba niya? Sinabi niya: Oo.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee